Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

File SB

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 22 JULY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

- -

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos	- Member
Kagawad Ferdinand V. Talens	- Member
Kagawad Angeles D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	- Member
Kagawad Jesus P. Dela Cruz	- Member
Kagawad Ranulfo C. Bernal	- Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	- Member, ABC President

Office of the Governor
RECEIVED
By: [signature]
Date: 07-26-96

Absent:

Kagawad Randy P. Valencia	- Member, SK Chairman

- -

KAPASYAHAN BLG. 070
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. GOBERNADOR RODOLFO G. VALENCIA NA PAGKALOOBAN NG SET NG TELEBISYON ANG PANLALAWIGANG PIITAN SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga bilanggo sa Piitang Panlalawigan dito sa Roxas, Silangang Mindoro ay mga taong nangangailangan ding mapunan ang kakulangan at pangangailangan sa ilang bagay na makapagbibigay ng kaunting kasiyahan sa kanilang kalagayan;

SAPAGKA'T ang piitan ay nararapat na ituring hindi bilang bilangguang tuluyang maglalayo sa mga taong nagkasala sa lipunan sa iba pang malayang mamamayan kundi bilang isang pansamantalang tahanang makapagbubukas ng mga kaisipan at kalooban na ang mga gawaing labag sa batas ay nararapat lamang na pagdusahan at tuluyang iwasan;

SAPAGKA'T ang mga taong napipiit ay nararapat lamang na maging bukas din ang mga kaalaman at isipan sa kasalukuyang galaw ng panahon sa iba't ibang panig ng bansang Pilipinas, kundi man sa pangyayaring internasyonal tulad ng mga kababayang nasa malayang kalagayan;

SAPAGKA'T ang telebisyon ay isang paraang pang-media na makapagdudulot hindi lamang ng aliw at kaalaman kundi kapupulutan din ng mga aral na makapaglilinaw sa mga "values" at pananaw sa buhay ng mga bilanggo;

SAPAGKA'T bilang isang suporta sa mga taong kasalukuyang napipiit sa Panlalawigang Bilangguan sa Roxas, Silangang Mindoro napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng bayang ito na hilingin sa kinauukulang awtoridad na mabigyan ng set ng telebisyon ang institusyong ito para sa mga bilanggong dito ay kasalukuyang napipiit; at

SAPAGKA'T ang kahilingang ito ay itinutukoy sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia upang mabigyan ng isang set ng telebisyon (TV at antenna) ang Panlalawigang Piitan sa Roxas, Silangang Mindoro para sa kapakanan ng mga bilanggo sa institusyong ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo G. Bernal na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. Rodolfo G. Valencia na pagkalooban ng telebisyon ang Pambansang Piitan sa Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg.Rodolfo G. Valencia, Gobernador ng Silangang Mindoro para sa kanyang masusing pag-aaral at naaayong pagpapasya sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Kagalang-galang na Sangguniang Panlalawigan ng Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay: 22 Hulyo 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

taff/
072496